
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES

# Magasin ng Bagong Buhay

Linggo, Hulyo 29, 1951





**TITA DURAN at PANCHO MAGALONA**
Magkasintahan sa puting-tabing at magkabiyak ng dibdib sa tunay na buhay. Muli silang mapapanood sa "Kasintahan sa Pangarap" ng Sampaguita Pictures

"Bagong Buhay"

# Sa Dulaan Ng Panahon

nina Ed Vi Ra at Bas Bur Ad








# ALAM BA NINYO?



"ANG "HAMMER THROW", ISANG NATATANGING LARO SA LARANGAN NG PALAKASAN, AY GINAGANAP SA PAMAMAGITAN NG ISANG BILOG NA BAKAL NA MAY TALI NA TULAD NG MAKIKITA SA LARAWAN. ITO'Y IHINAHAGIS BUHAT SA ISANG PABILOG NA SUKAT NG LUPA NA MAY PITONG TALAMPAKAN ANG KABILUGAN. ANG BAKAL AT ANG HAWAKAN AY KALIMITANG TUMITIMBANG NG DI BABABA SA 16 NA LIBRA.

"OKLAHOMA A & M"
Basketball type
championship shoes

**SA ALINMANG LARO SA PALAKASAN ... DI KAYO DAPAT MAKIPAGSAP...**
Kailanma't nagiging mainit ang labanan ... kailangan magpamalas kayo ng liksi o marikit na pagkilos ng paa, iya'y oras upang kailanganin ninyo ang malambot, maginhawang-isuot, ... gagawa-ng-puntos at magilas na sapatos ... mang siyang usap-usapan ng lahat. Hay... ro sa inyo ng isang pares na sapatos ... JACINTO ang landas sa higit ... matagal na paggamit at tunay ...



(1) Unang hakbang: pagtatala sa pangalan ng naghahandog ng dugo. Gaya nito: Paciencia de la Cruz, 23 taon, dalaga, Pilipina, nag-aaral sa ikatlong taon ng edukasyon, Cosmopolitan Colleges. Pagkatapos, itinatanong ang kanyang mga naging karamdaman at susunod ay (2).



(2) Pagsusuri ng dugo. Tinuturok ang isang kaliwang daliri at kumukuha ng kaunting dugo na siyang sinusuri. Ang uri ng dugo ni Pacing ay "O", na siyang karaniwan sa buong mundo. 100% ang kanyang hemoglobina. Pagkatapos ng pagsusuring ginampanan ni Gng. Salvacion Limioco, parmaseyutika ng Krus na Pula, ay susuriin ang kanyang pangangatawan sa (3).






# TAYO NANG MAGLAGAK SA "BANKO NG DUGO"

*Sinulat ni* GEMILIANO PINEDA

DUGO ang pinakamahalagang sangkap sa katawan ng tao. Ang pagkawala ng dugo dahil sa sakuna, operasyon, panganganak o karamdaman, ay ipinanghihina ng may-katawan o tuluyang ikinapupugto ng buhay. Sa gayong mga pangyayari ay kadalasang walang ibang higit na kinakailangan bilang panlunas kundi: dugo.

Datapwa, naranasan ng mga pagamutan na napakahirap humanap ng kinakailangang dugo ng kanilang mga pasyente sa sandali ng kagipitan, bukod sa ang bahagyang pagkabalam ay nangangahulugan ng lalong paglubha ng maysakit o ng tuluyang pagkamatay. Kung minsan naman, dahil sa kawalan o kakulangan ng kinakailangang dugo ay maraming buhay na sana'y maililigtas ang nasasawi.


Sa layuning malunasan ang ganyang mga pangyayari, ang Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas ay nagbunsod noong Hulyo 1948 ng isang palatuntunan sa pagtitipon ng dugo at itinatag nila ang tinawag na Banko ng Dugo o "Blood Bank". Sa bankong ito ay tinitipon ang iba't ibang uri ng dugo ng tao, iniimbak sa isang natatanging repriheradora upang magamit ng mga nangangailangan sa lalong madaling panahon.

Saan nanggagaling ang dugong natitipon sa Banko ng Dugo? Sa mga mamamayan ng Pilipinas, pilipino at dayuhan, na nagmamagandang-loob sa paghahandog ng kanilang dugo. Hindi sila bumibili ng dugo at hindi rin naman nagbibili. Ang lahat ng dugong natitipon sa Banko ng Dugo ay walang bayad na ipinagagamit sa sinumang nangangailangan. Bukas maghapon at magdamag ang naturang Banko ng Dugo upang mapaglingkuran ang madla. Kung nasa Maynila ay sapat nang tawagin ang telepono 5-51-14 upang kapagdaka'y isang ambulansiya ng Krus na Pula ang magdadala ng kinakailangang uri ng dugo sa pasyente. Sakali nama't maubusan ng hinihinging uri ng dugo, ang Krus na Pula ay may matatawagang mga karaniwang mamamayang kaagad-agad makapaghahandog ng sarili nilang dugo, dadalhin sila sa ospital na kinaroroonan ng pasyente at doon na rin gagawin ang pagsasalin ng dugo.

Paano ginagawa ang paghahandog ng dugo sa Krus na Pula? Napakadali. Kung hihigit sa 10 katao ang mga nagnanais maghandog ng dugo, sila'y sasadyain ng isang tanging pangkat ng Krus na Pula upang sa kanilang tanggapan o tahanan gawin ang pagkuha ng dugo. Kung isahan lamang o hindi pangmaramihan, hinihiling ng Krus na Pula na magsadya ang mga kinauukulan sa kanilang tanggapan sa panulukan ng Isaac Peral at General Luna at doo'y kaagad-agad silang paglilingkuran.

Bawa't naghahandog ng dugo ay sinusuri munang mabuti ang pangangatawan. Kung may sakit siya o mahina ang kata-

(Buklatin sa pahina 15)



(3) Pagsusuri sa katawan. Kinukuha ang presyon ng dugo ni Pacing. Karaniwan ang kanyang presyon — 120.




(4) Ikapat. Sinusuri ngayon ang kanyang puso at baga. May hawak na estetoskopo si Dr. Onofre Buensuceso upang tiyakin kung wala siyang sakit sa puso.



(5) Pagkatapos masuri na siya'y nasa kalagayan upang makapaghandog ng dugo, si Pacing ay pinahiga sa kama at sinimulan na ang pagkuha ng dugo. Nasa kanan ni Pacing ang isang botelyang nilalagyan ng dugong kinukuha sa kanya. Walang kirot ang pagkuha ng dugo.



(6) Parang walang anuman, hindi po ba? Nakunan na ng dugo si Bb. de la Cruz at dinudulutan siya ng inuming pampalamig; saka pinagkalooban ng isang libretang nagpapatunay sa kanyang "deposito."



Philippine National Red Cross
Community Blood Bank

THIS IS TO CERTIFY THAT:

JOSE T. RICO
Name

146 San Rafael, Manila
Address

IS A VOLUNTARY BLOOD DONOR OF THE RED CROSS COMMUNITY BLOOD BANK.

TYPE "O" DATE 1 March 1951

NO. 1309 M. D.

(7) Ito ang tinatawag na libreta, na nagpapatibay na kayo'y naghandog ng dugo sa Banko ng Dugo. Bawa't isa'y nararapat magtaglay nito. Makabubuti sa sandali ng kagipitan, kung kayo o sinuman sa inyong kaanak, ay mangailangan ng dugo.




# Dalawang malaking produksiyon ng PREMIERE







*Ang dalawang larawan sa itaas ay kuha sa "GAMUGAMONG NAGING LAWIN" ng Premiere na itatanghal sa Sine Dalisay simula sa ika-5 ng Agosto. Sinulat ni Teodoro Virrey, ang "Gamugamong Naging Lawin" ay isinapelikula na noong bago nagkadigma nguni't pinasukan ng mga pagbabago upang lalong rumikit ang kasaysayan. Nagsisiganap ng mga pangunang papel sina Leila Moreno at Danilo Montes.*



*Sa itaas at kanan ay dalawang madulang tagpo sa "DIEGO SILANG" na malapit na ring mapanood sa pinilakang-tabing. Tinatampukan nina Leila Morena, Nena Cardenas at Jose Padilla, Jr., ito'y itinuturing na isang "obra-maestra" ng namahalang direktor na si Dr. Gerardo de Leon.*



Maikling Katha

**ni PEDRO S. DANDAN**

**TINANGHAL SIYA AT DINAKILA NG MADLA DAHIL SA ANGKING LAKAS AT BAGSIK NG MGA KAMAY... NGUNI'T ANG MGA KAMAY DING IYON ANG NAGING BERDUGONG KUMITIL SA BUHAY NG KANYANG ANAK**

NAGISING sa kanya ang bunyo ng isang kamalayang gaya ng pagtatayo ng isang bantayog ni Kamatayan, na sa simula'y kinakapal buhat sa luwad.... upang unti-unting magkahugis at malaunan ay magkaanyo sa katotohanan. At sapul noon ay malimit na matagpuan niya ang sarili sa mga sandaling nawawala sa matiim na pagmamasid sa kanyang anak, sa di-mawaring pagkabahala sa dinaranas na buhay nito at sa pagtitining sa kanyang kalooban na makabuo ng isang pasiya kung nararapat sumuko sa simbuyo ng kamalayang iyon.

Itinuon niya ang kanyang paningin sa kanyang anak na noon ay naghahakot ng basura sa tambakan sa may puno ng tulay. Nakita niya ang malalapad na mga paang bahagya náng maangat sa lupa at ang mukha at katawang naliligo sa nangingitim na pawis samantalang hilahila ang isang malaking tiklis ng basurang nag-iiwan ng nag-aalimpuyong alikabok.

Mainit-init na ang sikat ng araw.

Napukaw si Mang Kulas ng hiyawan ng ilang batang naglalaro sa baybayin ng ilug-iluган: —Arya Ito... Arya Ito! Sumayaw ka, Arya Ito! Kumanta ka, Arya Ito! Ayaw'mooo?... Ayaw mo!... Pak!... —At inulan si Arya Ito ng pukol.

—Sasayaw na... kakanta na.. —ani Arya Ito, at binitiwan nito ang hawak na tiklis. Sumayaw na si Arya Ito. Nakita ni Mang Kulas na ang katawan nito'y gaya ng hungkag na bariles na pagiwang-giwang sa mabuway na pagkakasunong ng mga paang matataba; bumaba-tumaas ang balikat; panay ang imbay ng mga kamay; ang bilog ng mga mata'y palipat-lipat sa magkabilang sulok —parang palawit ng isang orasang pandingding kung ibinababala ang hatinggabi.

Habang patuloy ang pagbato at pagtawa ng mga bata, ay patuloy naman ang pagsayaw ni Arya Ito na parang laruang may kuwerdas.

Humihingal na ang kanyang anak! Naapuhap niya ang isang pamalo sa tabi ng kanilang hagdanan, at hinabol niya ang mga batang nangagsitakbo. Bumagtas ang mga iyon sa tulay at hindi na sumunod si Mang Kulas. Nang balikan niya si Arya Ito'y natagpuan niyang ang dalawang bisig nito'y nakatukop sa mukha.

—Hindi po ako... sila po... sila... —Nguni't nasilip ng kanyang anak na napalis na ang mga nambubuska at napangisi ito... ngising naging walang gatol na halakhak.

Iiling-iling na tumungo si Mang Kulas sa harapan ng kanilang bahay. Tumalungko siya at pinanood si Arya Ito samantalang itinataas nito ang tiklis sa gabay ng tulay. Nakakadalawang hakot na si Arya Ito. Sa kanyang kalooban ay nag-aalab ang pagnanais na sawatain ang anak niya. Nguni't sinusubhan iyon ng isang pagtutol .. gayong nalalaman niya na mapanganib ang magtapon ng basura sa ilug-ilugan kung ang magkasaping trangkaso at iti ay nagsisimulang pumuti ng buhay sa kanilang pook.

Isang linggo nang walang patlang ang inihahatid na patay sa libingan sa lunsod, bunga ng pananalot ng karamdamang iyon. Ang dalawang anak ni Aling Bestrang nakatira sa ibayo ng ilog ay isang araw lamang ang pagitan ng pagkamatay. Hindi na iilang sanidad ang nakita niyang dumadalaw sa bahay-bahay at bino-bomba ng agua-pinicada ang mga pook na marurumi. Siya'y natitigatig na rin lalo't napapakinggan niya sa usap-usapan ng mga tao na ang kumakalat na sakit ay hawig kolera.

Narinig ni Mang Kulas ang basag na alingawngaw na nagmula sa maruming tubig nang itaob ni Arya Ito ang laman ng malaking tiklis. Maghapong maghahakot ng basura ang kanyang anak... maghapon... Nagtungo rin siya sa lumang papag sa silong ng kanilang bahay na pawid.

Doon ay nahiga si Mang Kulas. Hindi niya alumana ang mga insektong nagmumula sa mahalumigmig at nangangamoy na paligid at sumisigid sa kanyang balat. Iniwawaksi niya sa isipan ang bagay sa kanyang anak. Subali't sa kanyang nakalipas ay makabubuo siya ng isang makatarungang pasiya... makatarungan...

MAKASAYSAYAN sa kanyang buhay ang pagsilang sa maliwanag ng kanyang anak. Waring nakikita pa niya ang kanyang sarili sa tanghalan ng kanyang guniguni samantalang nasa ibabaw ng ring at nakikipagsukatan ng lakas noong gabing iyon. Waring naririnig pa niya ang hindi magkamayaw na sigawan ng mga tao... **Pak... Sapukin mo! Sige pa... sa bodga... sa panga... Pak! Dumaun, dumaun si Moro... dumaun... Isa... dalawa... tatlo... apat... Panalo na si**

**(Buklatin sa pahina 13)**

# Mabangis Na Kamay... Maamong Kamay...

# Malaking Aso At Mag-anak



**MAY MGA LINIKHANG NAGDARANAS NG LABIS NA PAGDARALITA NA MASASABING HIGIT PANG MABUTI ANG KALAGAYAN NG ISANG ASO**

NANGITI ang magkakarne nang makitang dumarating ang kanyang suki.

—Dati rin ba? —masiglang bati niya.

—Oo, alam mo na naman eh, —sagot ng utusan ni Don Kayong.

At ang mabilis at bihasang kamay ng magkakarne ay sandaling kumilos, naglaro at buong tiwalang pinaghiwa-hiwalay ang mga buto at litid ng karne.

—Ayaw ng mabuto, baka matigas.

—Ayaw ng malitid, baka hindi matunawan.

—Ayaw ng masyadong mataba, baka makasuya agad.

—'Yong tamang-tama lamang ang pagkakahalo ng taba at laman.

Kabisado na ng magkakarne ang kanyang suki. Araw-araw ay ganito ang kinukuha sa kanya.

At ang nakasabit na timbangan ay minsan pang hinainan ng tatlong kilong karne.

NANGASIM ang mukha ng magkakarne nang makita ang batang babaing nanlilimahid.

—Ano, naririto ka nanaman! —bulyaw niya rito.

Larawan ng pagkasindak ang bata.

—Maawa na po kayo, kahi't 'yon lang litid at butong inalis ninyo sa binili ng ale ay ibigay na ninyo sa akin, —pagmamakaawang tugon.

—Nanaman, araw-araw ay ganyan ka. Wala kang inaabangan kuli mga suki ko. Mabuti na lang at hindi nabubuwisit sa iyo. Bakit ba hindi ka sa iba manghingi?

—Kung ayaw ninyong ibigay ang mga litid at buto ay kahit na ano na lamang na itatapon ninyo. Basta't mag-aabang ako. —Namimilit na ang tinig ng bata.

—Umagang-umaga ay binubuwisit ako ng batang ito, ah. Heto nga, at lumayu-layo ka na, bata ka, baka lang hindi ako makapagpigil sa iyo ay... —sabay hagis ng ilang pirasong buto at litid sa bata.

Mabilis ang pagkakadampot ng bata sa nakalat na buto at litid ng karne at lalong mabilis na naisilid sa lumang bayong na lagi niyang dala-dala.

ANG alila ni Don Kayong ay marami pang biniling mga panahog sa tatlong kilong karne. May garabansos, may atay, may patatas, sibuyas, kamatis at kung anu-ano pa.

Matandain siya sa mga bilin ni Don Kayong.

—Huwag mong pababayaan ang pagkain niyan. Yaong masasarap ang ibibigay upang manatiling malakas masigla at maganda. Huwag mong tatasahan ng pagkain. Ibigay mo ang lahat ng mauubos niya.

—Matutuwa si Don Kayong. Ibang putahe ang gagawin ko ngayon, —nasisiyahang bulong ng utusan habang papauwi na siyang hindi halos magkandadala

NAKIPAGSIKSIKAN ang bata sa masikip na pamilihan. Laging sa ibaba nakatingin. Nakapulot ng ilang butil na sampalok. Ibinayong.

—A, doon ako pupunta sa babaan ng mga tinda. Siguradong marami akong mapupulot doon!

Dali-daling lumusot ang bata sa kakapalan ng mga tao.

—Sabi ko na nga ba eh, —sabay pulot sa ilang tangkay ng talbos ng kamoteng nakasabog sa lupa. —Marami sanang mahulog sa nagbababa ng gulay, para marami akong mapulot, —mahinang usal ng bata sa sarili.

—Hoy, bata! ano ang tinatanghuran mo rito, ha? Nag-aabang ka na naman, ha? —Nagulat ang bata sa malakas na tinig ng punong kargador.

—Aba, hindi po, namumulot lang po ako ng mapupulot, —takot na sagot ng bata.

—May mapupulot ka ba rito sa babaan ng tinda? Baka sa mga lalagyan ka ng tinda namumulot? Hala, hindi rito ang pulutan. Doon ka sa basurahan mamulot! —mabalasik ang tinig at matalim ang mga mata ng kargador.

Bubulung-bulong na lumayo ang bata. Sa basurahan ang punta niya. Doon daw ang pulutan. Saglit siyang huminto at sinilip ang laman ng kanyang bayong — litid at buto na may kakabit pang kaunting laman ng karne, ilang tangkay ng talbos ng kamote, ilang butil ng sampalok.

—Kulang pa kaya ito? — marahang tanong sa sarili.

—Maaari na, nguni't magbabakasakali pa ako sa basurahan. Sayang din ang maidadagdag dito, —tugon niya sa sariling tanong.

Nakipag-agawan siya sa isang asong payat sa isang mabahubaho nang daing. Nanalo siya palibhasa'y ginamitan ng patpat at bugaw ang aso.

Naragdagan pa ang laman ng lumang bayong. Baka mayroon pa. Sigi, halukay, sa daku-dako pang ilalim. Ke baho naman! Pero, hindi bale, baka mayroon pa sa bandang ilalim.

—Tingnan mo na, sariwa pa ang dahon ng kangkong na ito, o. Sino kaya ang nagtapon? At saka, aba, kamatis ito a, bahagya lamang ang mga pasa. Masuwerte yata ako ngayon. Mabuti na lamang at itinaboy ako rito ng kargador. Naku! nangangalahati na pala ang bayong. Kasi itong mga kangkong na ito, malaki kasing bulto. Uy! dulo lamang ang bulok ng mga talong na ito Masarap itong ilaga. May magtapon sana rito ng bagoong. May hahapunan na kami at...

—Aha! ikaw pala ang nagkakalat ng mga basura riyan, ha? Gusto mo bang ipahuli kita sa pulis?

Yuko ang ulo ng bata. Ni isang kataga ay walang narinig sa kanya. Hinigpitan ang pagkakapigil sa kanyang bayong at hinapit sa dibdib na tila ba natatakot na agawin sa kanya.

—Sige, kapag hindi mo naisilid muli sa basurahan ay ipahuhuli kita sa pulis, —pananakot ng basurero.

Parang noon lamang nagising ang bata. Isinakbit sa balikat ang tangkay ng bayong at ang dalawang maliliit na palad ay walang pandidiring ginamit na pala sa pagtitipon ng hinalukay na basura.

SA SILONG nagtuloy ang alila ni Don Kayong.

—Dito ko na lang iluluto ito. Baka maraming iniluluto ang kusinera sa itaas ay hindi ito maluto sa takdang oras. Baka makagalitan tuloy ako.

Hindi niya nalilimutan ang bilin ni Don Kayong:

—Huwag mong kaliligtaan ang pagkain ni Doglas.

—Lagi mong ihahanda sa oras.

—Baka malipasan iyan ng gutom ay magkasakit. Alalahanin mong sa ibang bansa ko pa nabili iyan ng isang libong piso.

Ikalabing-isa't kalahati na. Kailangang madaliin ang luto niyon. Alas-dose ang dating ni Don Kayong. Baka hindi ma-

**(Buklatin sa pahina 19)**

**Katha ni PAZ N. NICASIO**

# Ang Munting Dahilan

**SA BUHAY NG MAG-ASAWA AY MADALAS NA NAGAGANAP ANG MALILIIT NA PANGYAYARING NAGIGING SANHI NG MGA DI PAGKAKAUNAWAAN...**

## Kuwento ni NOE V. MANGALIMAN

MALIGAYANG-MALIGAYA sina Edgardo at Corazon. Paano'y iyon ang unang linggo ng kanilang matamis na pulot-gata. Bagama't hindi sila nangibang bayan na tulad ng ibang mga nakaririwasa sa buhay, nagtungo naman sila sa isang bukiring ari ng isang pinsan ng lalaki, at ang marikit na tanawin doon... ang maaliwalas na kapaligiran at ang masarap na simoy ng hangin ay itinuring nilang isang munting paraiso ng kanilang pinagbuklod na pagsusuyuan.

—Hindi kaya magbago ang iyong pagmamahal, Edgardo? —minsa'y magiliw na naitanong ni Corazon sa kabyak, samantalang sila'y magkapiling na nakaliKmo sa tabi ng durungawan at masayang pinagmamalas ang mga ibong nagsayaw-sayaw sa mga sanga ng punongkahoy.

—Maaaring magbago ang marilag na tanawing ating namamalas, maaaring matuyo ang punong-kahoy na iyang pinamumugaran ng maliligayang ibon, maaaring mag-ulap ang bughaw na langit na iyang tinutunghayan ng ating mga paningin, nguni't ang pagmamahal ko sa iyo'y hindi magbabago kailanman! —masuyong tugon ni Edgardo.

Nag-ibayo mandin ang kayakap na kaligayahan ni Corazon sa tinuran ng kabyak. Humilig ito sa dibdib ng lalaki at ipinikit ang mga mata upang mangarap nang gising sa kaluwalhatiang wari'y hindi na nga magmamaliw.

Nguni't madaling magbago ang lakad ng mga pangyayari!

Makalipas ang ilang buwan, nang sina Edgardo at Corazon ay magbalik na sa Maynila matapos ang kanilang malinamnam na pulot-gata sa gitna ng bukid, ay kagyat na nalambungan ng ulap ang langit ng kanilang pagmamahalan. Unti-unting kinamalasan ng panlalamig si Edgardo sa asawa. Mandi'y nanghihinawa na sa pagmamahal kay Corazon, sa hindi malamang sanhi. Hindi na katulad ng mga unang araw na matamis ang pakikitungo sa kapilas ng dibdib. Hindi na kamalasan ng timyas ng paggiliw. Kung dumarating ng bahay buhat sa pinapasukang bahay-kalakal ay kaulayawin-na-dili ang asawa. Kausapin man ni Corazon ay parang malamig kung tumugon. Bahagya nang makipagpalitan ng mga kurukuro at maghatid ng masasayang balita sa kabyak na tulad ng mga unang araw ng kanilang pagsasama...

Malaking-malaki na nga ang ipinagbago ni Edgardo! At hindi naman malaman ni Corazon ang tiyak na dahilan.

Isang araw, habang sila'y magkasalong nag-aagahan, ay nabanggit ni Corazon ang napupunang panghihinawa ng kabyak...

—Hindi ko malaman, Edgardo, kung ano ang iyong ipinagkakaganyan. Kung wariin ko ba'y wala ka nang munti mang pagtingin sa akin at nabigla ka lamang sa ginawa mong paghahatid sa akin sa dambana.

—Ano ang pinagsasaligan mo sa pagsasalita ng ganyan, Corazon? —may himig panunumbat ng usig ni Edgardo.

—Ang nakikita kong ipinagbabago mo, Edgardo! Ngayon ay ni hindi mo na halos ako kausapin kung ikaw ay dumarating. Matamis pa sa iyo ang magkulong sa loob ng silid kaysa ako'y harapin. Masarap pa sa iyo ang manaog kung gabi at magpalipas ng oras sa bolingan kaysa gugulin mo ang oras sa pakikipag-ulayaw sa akin! Talagang ibang-iba ka na nga, Edgardo! Maaari bang ipagtapat mo sa akin ang sanhi?

Pinakatitigan ni Edgardo ang kabyak, saka buong tatag na tumugon.

—Kung talagang nais mong malaman, Corazon, puwes, ipagtatapat ko sa iyo ang katotohanan... Ikaw ang may kasalanan sa aking ipinagbago! Natatandaan mo ba noong isang gabing maglamay ako sa aming upisina?

—Oo. Bakit, ano ang kaugnayan noon sa ating pagsasama? —tanong ni Corazon.

—Pakinggan mo... —at nagpatuloy si Edgardo: —Noon, kung natatandaan mo pa ay dumating akong pagod na pagod. Natutulog ka pa, nguni't ginising ka ng aking mga halik. Niyakap kita at ipinadama ko sa iyo ang aking walang kupas at hindi nagbabagong pagmamahal. Nguni't ako ba'y hinagkan mo rin? Ginanti mo man lamang ba ng kahi't isang malamig na yakap ang paglalambing ko sa iyo? Wala, para akong yumakap sa bato!

—At iyon ba ang naging dahilan ng ipinagkakaganyan mo? —may pagtatakang turing ni Corazon.

—Bakit hindi! Ipinakilala mo sa akin noon na ang pag-ibig na iniuukol mo sa akin ay hindi kapantay ng pagmamahal na iniuukol ko sa iyo, Corazon! Kaya ako'y nagdamdam... at may katwiran naman ako!

Nagtawa nang malakas si Corazon.

—Kahibangan ng isang pag-ibig! —at muling nagtawa ang babae. —Kung iyon ang naging dahilan ng iyong ipinagkakaganyan, ikaw na rin ang dapat sisihin!

—At bakit? —may panggigilalas ang tinig ni Edgardo.

—Naito, ipaliliwanag ko: Natatandaan mo ba naman noong isang araw na nag-uusap tayo sa tabi ng ating durungawang iyan? —at itinuro pa ni Corazon ang bintanang kanyang tinutukoy. —Noon, kung nagugunita mo pa, ay nakita natin ang kapitbahay nating Nenita at Felipe na nag-uulayaw sa kanilang silid. Bukas noon ang kanilang bintana kaya kitang-kita natin ang lahat. Maliwanag na namalas natin ang paglalambing ni Nenita sa kanyang asawa. Naglambitin pa sa leeg at halos pupugin ng halik. At ang gayo'y hindi naman natin maaalis sa kanila palibhasa'y mga bagong kasal din sila na katulad natin. Subali't may sinabi ka noon sa akin na hanggang ngayo'y hindi ko nalilimot. Sinabi mo noon na masyado naman si Nenita. Para 'ika mong wala nang kahihiyan dahil sa malabis na pag-ibig kay Felipe. Nasabi mo pang kung gayon kalambing at kainit ang isang babae, ay maaaring makaisip nang masama sa sandaling mawalay nang mahaba-habang panahon sa piling ng asawa...



—Oo, natatandaan kong sinabi ko nga iyon, —patlang ni Edgardo. —Nguni't ano naman ang kaugnayan noon sa ipinamalas mo sa aking kalamigan noong umagang sinasabi ko?

—Iyon naman ang naging sanhi ng bigla kong panlalamig sa iyo. Sapagka't hindi mo sinasadya, ay ipinadama mo sa akin ang isang bagay ayaw mo rin marahil mamalas sa iyong kabyak. Kung natatandaan mo ay mapaglambing din ako noong mga unang araw ng ating pagsasama. Subali't pinilit kong baguhin ang aking sarili sa pangambang baka sumaisip mo ang katulad ng nasabi mo ukol kay Nenita. Kung ako'y mananatiling mapaglambing at mainit sa pagmamahal sa iyo, ay baka hinagapin mo ring ako'y maaaring makagawa ng lisya sa sandaling malayo ka sa aking piling. At upang huwag kang dulutan ng anomang alalahanin, sinikap ko ngang maging malamig pagka't wika ko'y hindi mo ako mapag-iisipan ng tulad ng nasabi mo ukol kay Nenita. Iyan ay dahil din sa kawagasan ng pagmamahal ko

(Buklatin sa pahina 19)

## Tayo Nang Maglagak

(Karugtong ng nasa pah. 4)

wan ay hindi pinahihintulutang makapaghandog ng dugo. Lahat ng tao, babae at lalaki, mula sa 21 hanggang 59 taong gulang, ay maaaring magkaloob ng dugo. Hindi nararapat mangamba ang sinuman na ang paghahandog ng dugo ay ikapanghihina niya o kaya'y ikapagkakasakit. Pinatutunayan ng mga tala ng Krus na Pula na ang pagbabawas ng dugo sa katawan ng tao ay lalong nakapagpapagaan sa katawan at nakapagpapabata sa anyo. Nakabubuti rin iyon sa mga taong may matataas na presyon o ng tinatawag na "high blood pressure." Iya'y pinatutunayan ni G. Theodore V. Tapia, kawani sa Bay View Hotel, na naghandog ng dugo. Sinabi niyang bago siya binawasan sa katawan ng ¼ litro (250 cc.) ng dugo ay nanghihina siya at parang nanlalabo ang paningin. Datapwa, pagkaraang makapaghandog ng dugo noong Hulyo 8, ay naging masigla ang kanyang pakiramdam, magana sa pagkain at luminaw pa ang paningin.

Lahat ng nakapaghandog ng dugo sa Krus na Pula ay binibigyan ng kaukulang katibayan, na kinasusulatan ng kanyang pangalan at uri o "type" ng dugo. Sa pamamagitan ng katibayang ito'y malalaman kaagad ng manggagamot ang uri ng dugong kakailanganin, sakaling siya naman ang abutin ng sakuna o karamdaman. Gayundin, ang naghahawak ng katibayan ay pinagkakalooban ng kaluwagan sa pagkuha ng kahi't gaano karaming dugo buhat sa Banko ng Dugo. Iyan ang isa sa mga biyayang di mababayaran na iginaganti ng Krus na Pula sa mga naghahandog ng dugo. Nakabubuti rin naman sa naghahandog ng dugo ang pagsusuring gagawin sa kanyang katawan sapagka't nalalaman niya kung mayroon siyang kasiraan o wala.

Kasama ng lathalang ito (pahina 4-5) ang ilang mga larawang kakikitaan ng mga hakbang na isinasagawa kung ang isa'y naghahandog ng dugo sa "Banko ng Dugo" ng Krus na Pula. Mababakas sa mukha ng kinukunan ng dugo ang ganap na katiwasayan at lubos na kasiyahan, sa pagkakabatid na ang kanyang ginagawa'y isang makabayang gawaing makatutulong sa kanyang mga kababayan. Tularan ninyo siya bilang karapatdapat na mamamayan ng Republika ng Pilipinas. Maglagak kayo ng dugo sa "Banko ng Dugo" ng Krus na Pula. Iyan ang uri ng lagak na ang ibinubunga'y hindi pakinabang na salapi kundi hibang nagdudugtong sa buhay at nagdudulot ng kaligayahan sa maraming kinapal.

## Mabangis Na Kamay . . .

(Karugtong ng nasa pah. 13)

hinga... hindi na! Biglang inangat ang kanyang bisig. Tila siya naalimpungatang nagbangon at nanaog. Tinungo ang isang poste sa tabing-daan at isinuntok ang kamao sa kahoy... ang buto'y duguang nabilad sa nanisnis na balat!

Isinusi niya sa kanyang dibdib ang pagkahabag na umaalipin sa kanya. Ang pagsuligi sa kanyang diwa. Ang patuloy na paglimot. Ang pagtakas sa paguusig ng kakatuwang budhi!...

MARIING pumikit si Mang Kulas. Tumatama sa kanyang mukha ang sinag ng araw na naglalagos sa butas ng bubong at sa siwang ng sahig. Humawak siya sa gilid ng papag... namutla ang kanyang kamao sa pagkakapit ng mga daliri. Narinig niya ang kaluskusan ng mga paa ng mga sanidad, sinusundan ng mababagal na hakbang ni Arya Ito. Kumakanta-kanta ang kanyang anak. Ang kaluskusan ay tumigil sa may paanan ng sirang tulay. Mula roon ay inihatid ng hangin sa kanyang mga tayinga.

**Silaban mo, Arya Ito. Iyon... iyong nakatumpok... Hale... at nang hindi kumalat ang sakit. Mabuti pa ang inutil... may silbi... Naku... tingnan mo ang isang tamad na 'yon...**

Dalidaling nagtindig si Mang Kulas. Ni hindi niya tinanaw ang pangkat ng tauhan ng kalusugang-bayan. Gaya ng naka-

(Buklatin sa pah. 17)

## Nang Magdaan Ang Daluyong


(Karugtong ng nasa pah. 14)

Sa Leyte ngayon ay nakatayo ang dating pamahalaan sa Pilipinas, sa pamumuno ni G. Osmeñ, at pinagkalooban ng kapangyarihang lubos na makapagpapatupad ng mga utos na dito'y talagang umiiral. Iisang bagay ang inilabas sa kapangyarihan ng nagpapatuloy ngayong dati nating pamahalaan; ang pagpaparusa sa sino mang humadlang sa pagsasagawa ng hukbo ng kanyang mga balak tungkol sa hinaharap na pakikilaban sa Hapon. Sa ganang pamahalaan nating dati, ang kaunaunahang hakbang na ginawa, ay pawalang-kabuluhan ang mga utos at palakad na ipinatutupad ng pamahalaan namang pinangunguluhan ni G. Laurel, matwid na pasiyang siya ring ipatutupad na walang-pagsala sa bawa't sandipang lupang sarili na mabawi sa kaaway. Ang labanang ngang tungo sa wakas at katapusan sa ganang nauukol sa Pilipinas, ay nagsisimula na, at kaunting panahon na lamang ang kakailanganin upang magnawnaw sa isang totohanan at malaking tagumpay ang pagkakabalik sa Pilipinas ni G. Osmeña kasama ng malaking hukbong magpapalayas dito sa mga nagmalupit na kawal ng Mikado.

Sinasabi ngayon ng mga hapon, lalung-lalo pa ng matataas na pinuno ng kanilang Hukbo, isa na si Heneral Masaharu Homa, na gayak na gayak daw ang hukbo nilang naririto sa pagtatanggol ng Pilipinas, na ang kanilang naitayong mga paraan sa pagtatanggol ay napakatibay, na halos masasabing ang magiging laban ay ang sa isang itlog na ipupukpok sa bato. Ang itlog, sa paghahalimbawang ito, ay ang amerikano at bato naman ang hapon. Pinanghahawakan sa ganitong pagsasabi ang kalayuan daw ng panggagalingan ng mga saklolong kakailanganin ng Hukbong Amerikano sa mga araw na darating at sa malas nga nama'y malapit ang panggagalingan ng mga saklolong sukat kailanganin ng Hapon; nguni't nakakalimutan ng mga nanghahawak sa ganitong dahilan na ang mga pandigmang hapong sukat ipangharang ay matagal-tagal na ring nagkukubli aywan kung saang sulok, na ngayon ang buong Pasipiko halos ay lubos na napangyayarihan ng mga pangdigmang amerikano at gayon na lamang ang kanilang kalayaang nagagamit sa pagkilos, na naaaring pagsabay-sabayin, kung ibig, ang pagsalakay at paglulunsad ng mga kawal sa napakaraming pulong nalalatagan ng Hapon ng kanyang mga kawal. Ang pangyayari na ring halos nagkasabay ang salakay sa Taywan at ang paglulunsad sa Leyte ay nagpapatunay sa ganito, at ang mga hapon, sa harap ng mapait na katotohanang nadadama na simula ng pagguho ng kanilang pinanagimpang Lupalop upang ipaging hari at panginoong makapangyarihan dito sa Kasilanganan ng Asya, ay nangagtatangkang aliwin ang kanilang sarili sa paniniwala at pagpapaniwala, na sila'y matitigas na batong hindi maaaring durugin. Ang kahirapan lamang ay hindi ang lahat ay bumibili ng kanilang mga lako.

Sa mga araw na ito'y ipinangangalandakan ng mga tagapamansag ng Hukbong Hapon, lalung-lalo pa ng Daihon-hei, ang sinasabing malaki nilang tagumpay na tinamo sa karagatang na sa gawing silangan ng Pilipinas. Kung paniniwalaan ang kanilang mga parirala ay napapangalahati na ang lakas sa dagat ng Estados Unidos sa dami ng sinasabing mga pandigma nitong may iba't ibang uri, na napalubog daw at nasisiraan sa mga labanang nangyayari sa dagat. Sa mga pahayagan ng Manila Shimbunsiya ay napapabalita namang nanghina ng di ano lamang ang hukbong amerikanong nakalunsad sa Leyte na kung





Isa sa magagandang tagpo sa "ANG AKING KAHAPON" ng Tamaraw Pictures, ang kauna-unahang pagtatambal sa puting-tabing nina Pempe Padilla, Jr. at Lilian Leonardo. Ang pelikulang ito na pinamamahalaan ni Lou Salvador ay malapit nang itanghal sa Clover Theatre.



Sina Delia Razon at Jaime de la Rosa, sa isang marikit na tagpo ng pag-ibig sa "SHALIMAR" ng LVN na pinamamahalaan ni Direktor Richard Abelardo. Mga katulong na bituin sina Ben Rubio at Lila Luna. Itatanghal sa Sine Dalisay simula sa ika-25 ng Agosto.

## Mabangis Na Kamay . . .

(Karugtong ng nasa pahina 15)

ugaliang pag-inom, humingi siya ng alak sa tindahan ni Tsikito. Tinungga niya nang tinungga ang laman ng bote. At susuray-suray na nagbalik sa lumang papag. Siya'y nahiga...

Nagising si Mang Kulas na wala na ang mga nagtutupada. Sumasabo na ang mababagsik na lamok mula sa pinamumugarang ilug-ilugan. Ang mga sanidad ay nag-uwian na rin. Sa silong ng ilang kapit-bahay ay nagsisiyapan ang mga inakay na sisiw, at ngangasab-ngasab na ang mga baboy sa tabi ng pakainan.

Nag-inat si Mang Kulas. Naramdaman niya ang pangangalam ng kanyang sikmura. Tiningala niya ang gawi ng kanilang paminggalan... Subali... ang malaking katawan ni Arya Ito'y nakalatag sa sahig; walang kakilus-kilos! Dalidaling pumanhik si Mang Kulas.

Inaapoy ng lagnat si Arya Ito. Inilipat ni Mang Kulas sa loob ng bahay at tinabihan niya. Pinagmasdan niya sa paghihilik... At may ilang sandaling nanatiling nadaraganan ng kanyang ulo ang kanyang magkasalikop na kamay, na sa paraang iyon ay waring naibibilanggo niya ang kabangisan... ang pagpupumiglas. Nguni't ang mga daliri ng kanyang kanan ay naghuhulagpos... napapakuyom... at nagbangon siya at tinungo ang pasugalan ni Tandang Pruto.

Nang umuwi siya noong magmamadaling-araw ay wala sa bahay si Arya Ito. Hindi na sumayad sa hagdanan ang kanyang mga paa sa pagmamadali. Waring nilindol ang kanyang dibdib. Patakbo-takbo siya sa loobang tahimik na tahimik, matangi sa malakas at sunod-sunod na pagtawag niya ng "... Ito!... Ito!... Anak ko!..."

Kumutob sa kanya kung saan maaáring matagpuan si Arya Ito. Hindi pa niya lubusang mahugisan kung hayop o tao ang bagay na kumikilos sa tabi ng malalaking tambak ng basura sa ibayo ng ilug-ilugan. Nguni't lumutang sa katahimikan ang isang tinig na humuhuni-huni, at natiyak na naroroon ang kanyang anak. Nagtumulin siya at halos padaluhong na inagaw niya kay Arya Ito ang hilahilang tiklis na ikinasambulat ng lamang basura, at saka pasigaw na sinabi.

—Umuwi ka, Ito... Umuwi ka... nilalag...

—Demonyo!... Demonyo!... Impiyerno!... —ang sa pagkabigla'y agaw ni Arya Ito, at pinalo ng isang kaputol na kahoy si Mang Kulas.

Ang pamalo'y tumama sa pilat sa noo ni Mang Kulas. Ang pilat na iyon ay nalikha ng pakikipagsagupa niya kay Moro. Pumutok na muli ang pilat at ang dugo'y humilam sa kanyang mata. Sa sang-iglap ay napahulagpos niya ang isang ubos-kayang suntok... at natimbuwang si Arya Ito sa tabi ng tiklis ng basura.

Sumalagimsim sa kanya ang masidhing katuwaang umali sa kanya noong mapatay niya sa suntok si Moro, at pagkaraan ay natulad siya sa isang nagising mula sa nakahihindik na bangungot. Nang makita niyang hindi na humihinga ang kanyang anak ay tinakasan siya ng lakas at sumuko ang kanyang mga tuhod sa bigat ng kanyang katawan. At sa gayong pagkakaluhod na tila nag-uusal ng isang mataos na dalangin ay maamong-maamo ang kanyang mga kamay na kumalong kay Arya Ito.


Sa paglipas ng mga sandali'y nabubuhay sa kanya ang kanyang paligid. Umalingawngaw sa kanyang pandinig ang yabag ng mga paa at ang sigawan ng mga dumalong kapit-bahay. Nguni't hindi siya nagtaas ng mukha. Patuloy na minamasdan niya si Arya Ito — ang mukhang nasisinagan ng bagong umaga at ang malaking pasa sa puno ng leeg.

Siya lamang ang nakababatid niyon... Sila lamang? Nabasag ang luha sa kanyang mga mata, kagaya noong unang sandaling isinabisig niya ang pagkasanggol ni Arya Ito.

Nagkurus si Mang Kulas. (X)



# Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG Buhay



**PAHALANG**

1. Hustong bilang ng daliri (huling pantig)
3. Nota ng musika
5. Pagpingga ng tubig
9. Sukat patayo
13. Ilibot, sa gayong daan
15. Inuming pang-agahan
16. Hepe ng pulisya sa Quezon City
17. Nasa pagitan
18. Munisipyo sa Batanggas
19. Pambulsang gugulin
20. Isugba
21. Ipagdiwang
23. Babaing may asawa (inikilan)
25. Tapayan (kinaltas ang u-unang titik)
26. Matumal
29. Tiyakang pangungusap
33. Ipaangkin
34. Larong sapalaran (huling pantig)
35. Pang-unawa ng tao
37. Dahop
38. Hindi nawawalan
39. Ilamas
40. Tutol
41. Paggawad ng bendisyon (isang hati)
42. Tinangap ang kasalanan
43. Panaligan
45. Inuming may anis
47. Guillerma
49. Nadadamang pagmamala-sakit
50. Tunog ng kampana
55. Kawala
59. Mat... (mangangatay)
60. Bahaging pandinig (kinaltas ang unang titik)
61. Nahabag
62. Puting pansulat
63. Matandang lansangan sa Maynila
64. Yuta
65. Mahinang salita
66. Magaang timbang
67. Katagang pangatnig
68. Isa pang nota ng musika


**PABABA**


1. Itaas ng hita
2. Walang ganap na isip
3. Alagad ng bisig
4. Binubuhat
5. Liit
6. Sinliit ng pinagbigasan
7. Huwag paalisin, hanggan di dumarating
8. Lalawigan sa British-India
9. Bawal (salitang polinesya)
10. Lutuang putik (kinaltas ang unang titik)
11. Hala, sulong
12. Pakikiisa
14. Pusali (kinaltas ang unang titik)
22. Watawat (unang pantig)
24. Ladlad na buhok (huling pantig)
26. Banal na sandaling ginaganap ng pari
27. Pinaslang na coed ng FEU
28. Balae
30. Sagisag ni Dr. Rizal
31. Dalhin sa lakad
32. Pag-arok sa ilalim ng tubig
34. Petroleo
36. Pulis na makata
38. Tiktikan
39. Nagbigay ng anuman bago nilisan
41. Manggugupit
42. Dakilang babae
44. E... (pahalata)
46. Ipusta
48. Tangyod (kinaltas ang unang titik)
51. Paraiso
52. Pinggang lata
53. Taguring griyego sa Kupido
54. Sarap ng pagkain
56. Panlapi
57. Pamamagitan sa nag-aaway
58. Kapus-kapalaran

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**


**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICES
7-9 A.M. / 2-3 P.M. — No. 2 Tanduay Quiapo
10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta


## Sagot sa Nakaraan





## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Hulyo 15

1. *Adela Mendoza*—104 R. Baza, San Antonio, Kabite
2. *Emiliana Peralta*—95 Zafiro, San Andres Subd., Maynila
3. *Bb. Jacinta C. Nicomedes*—893 Algeciras, Espanya, Maynila
4. *Celso Samonte*—Davila, Navotas, Rizal
5. *Regino Galicia*—915 Union, Pako, Maynila

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng PALAISIPAN ay hindi pahahalagahan. * Ang mga nanalo na sa PALAISIPAN na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas [illegible] ang mga pangalan [illegible] hindi maaaring paparaluning [illegible]

## Asong Malaki . . .

(Karugtong ng nasa pab. 10)

luto —magagalit si Don Kayong. Sa loob ng labinlimang minuto ay napuno ang silong ng mabangong amoy ng niluluto. Nakakalaway. Wala pang alas-dose. Hindi na magagalit si Don Kayong.

Palalamigin na lang pagka't iyon ang bilin ni Don Kayong.

—Huwag mong bibigyan ng mainit iyan, baka mapaso, at saka dudupok ang mga ngipin niyan...

Alas dose. Nakahanda na. Malamig na. Inihaing buu-buo. Kinalagan si Doglas. Sus! kung Japangin, ang lalaki. Baka mabulunan. Nguya, nguya. Hindi na yata humihinga. Baka mabilaukan. Didila-dila pa. Nagustuhan yata ang sarsa. Aba, bakit? Inaamoy na lang? Ayaw na? Oo nga, oh. Busog na siguro. Nguni't hindi pa nangangalahati ang tatlong kilong karne. Dati ay kaunti lang ang natitira niya. Baka hindi nagustuhan.

—Aba pag nagkataon ay ako ang makakagalitan ni Don Kayong. Sasabihing hindi ako marunong magluto, hindi ako marunong mag-alaga ng aso, na ginugutom ko ito. Kailangang kumilos ako agad habang kumakain pa si Don Kayong. Ano kaya ang gagawin ko? A, ayun pala, Ming, ming, psssss-sss-ming, psss-ss. Sigi, kain kayo, kain nang kain. Dali... Putris n mang mga pusa ito. Ke bagal-bagal kumain, Aba ayaw na rin ba ninyo? Dumila-dila lang, siguro ay nagsikain na itong mga buwisit na hayop na ito sa itaas. Hala, sulong—mga walang pakinabang!... May pumapanaog. Si Don Kayong na nga! • Hindi dapat na makita ito.

Dali-daling binalot ng utusan ang natira ng aso at sabay niyang pinakilos ang kanyang kamay at utak, at...

—Ano, nakakain na ba si Doglas?

—Opo.

—Ano ba ang ipinakain mo? Wala yatang natira. Mukhang nagustuhan.

—Aba, opo, tingnan ninyo't ni walang nahimod si Muning.

—Mabuti, —nasisiyahang sagot ng Don. —Ganyan sanang lagi. Bubusugin mo si Doglas. Dale, kalagan mo na at nang makapagpahinga iyan, —at tumalikod na ang Don.

Nasisiyahang tumungo ang utusan upang kalagan si Doglas at makay na panalabas. Bago siya tuluyang lumakad ay tinapunan pa ng tingin ang basurahan sa silong. Napangiti siya.

INUHONG lahat ang nasa bayong. Pinagbukud-bukod, talbos, sampalok, kamatis, buto at litid, at daing.

Tinawag ang maysakit na ina at ipinagparangalan ang dala. Bahagya nang natanaw ng nakahigang ina ang ipinagpaparangalan ng anak. Nangiti siya at madaling ipinikit ang mga mata upang ikubli ang mga luhang nagbabalang umagos. Nasiyahan ang bata sa ngiting nakita kaya't pinagalaw na ang maliliit na kamay niya. Ang mga pasa ng kamatis ay parang sinadya upang paglusutan ng mga maliliit na daliring yaon. Mabilis siya at ilang sandali pa ay napuno na ang maliit na bahay na yaon ng usok na nanggagaling sa kalan habang nagsasayaw na sa palayok ang buto, litid at kamatis. Pinagputul-putol niya ang kangkong at binabad sa tubig. Yaong pinakadulo lamang ang inalis niya.

Kailhip lamang ng alas-dose nang ihulog ng bata ang kangkong sa sinigang. Sinandukan ng tigkakaunting nilugaw ang pitong pinggang lata sa dulang at sinandok nang lahat ang sinigang sa isang mataw. Hindi na nahintay pang lumamig ito—maraming daliri ang nag-unahan sa pagsubo — malalaki at maliliit na daliri.

At masama ang loob ng pusang nanimot sa pinagkanan ng mag-anak.

SA isang bahagi ng malaking balkonahe ay may isang sauyang tulugang may kutson pa na nakalaan kay Doglas. Dito siya inihatid ng utusan.

Mainam dito, malamig. Mabuti rito at makikita niya agad ang lahat ng papanhik.

Madaling naidlip ang malaking aso, palibhasa'y nasiyahan. Labis itong nabusog sa pagkain, danga't napakarami lang kaya't hindi niya naubos ang inihandang pagkain.

Matiwasay na nakatulog ang aso upang pagkagising ay muling makatikim ng iba namang putahe. Lapang-lapang na namang baboy at karne. Iba-ibang putahe.

IPINAHINGA ang bahagya nang nagkalamang mga sikmura ng mag-anak. Umidlip upang magkaroon ng sapat na lakas at tibay ng sikmura upang halukayin ang kailalim-ilaliman ng lalo pang pinakamabahong basurahan sa pagbabakasakaling nasa pinakailalim nito matatagpuan ang mahahapunan nilang mag-anak.

AT patuloy ang mahimbing na pagtulog ng asong malaki ni Don Kayong. (X)

* * * * *

## Ang Munting Dahilan

(Karugtong ng nasa pah. 11)

sa iyo na di ko nais mabahiran ng munti mang di pagkakaunawaan...

—Samakatwid pala'y iyon naman ang tanging dahilan ng ipinanlamig ng pag-ibig mo sa akin?


—Wala nang iba, Edgardo!

—Kung gayo'y limutin mo na iyon! Ngayon ko sasabihin sa iyong hindi pala ako mabubuhay nang maligaya sa piling mo kung ako'y hindi mo na paglalambingan at susuyuin ng buong tamis na tulad ng una nating mga araw. Iyon namang sinabi ko sa iyo ay wala sa loob ko. Nasabi ko lamang pagka't masyado nga 'ika ko si Nenita. Subali't sa akin, aariin kong langit kung ako'y uukulan mo ng pag-ibig na higit pang mainit at matamis kaysa sa pag-ibig ni Nenita kay Felipe!

—Kung gayon, ngumiti ka na at magsaya! Magmula ngayon ay ikaw ang magsasawa sa aking mga paggiliw at paglalambing... —at masayang sinugod ni Corazon ang nangingiti nang kabyak at pinupog ng halik. Walang puknat. Buong tamis!

At... ang tagpong iyon ay siyang naging wakas ng nanlamig nilang pag-iibigan upang magsimula sa kanilang buhay ang bagong kabanata ng lalong matamis at kahilihiling pagsusuyuan. (X)



Worth Fighting For
Sa "The Prince Who Was A Thief" ng U-I, na itatanghal sa Times Theatre, si Anthony Curtis ay nakipaglaban dahil sa babaing kanyang iniibig, si Piper Laurie — katulad ng matatalinong maninigarilyo na nakababatid na ang kasiyahan sa paghitit ng BUCCANEER ay karapatdapat ipaglaban!
TOPS FOR PEP
Pakinggan ang sumusunod na mga palatuntunan tuwing Miyerkoles sa DZPI: "Remote control broadcast" ng Novena sa Our Mother of Perpetual Help sa Simbahan ng Baclaran mula ika-6:00 hanggang ika-6:30 N. G. at ika-7:00 hanggang ika-7:30 N. G. at "Buhay ng mga Santo" mula sa ika-6:30 hanggang ika-7:00 N. G.
BUCCANEER
VIRGINIA
Cigarettes